**Pamagat**: Paano Kami Nagsalita ng Laban Sa Iyo?

**Texto**: Malachi 3:13 "Your words have been stout against me, saith the Lord. Yet ye say, What have we spoken so much against thee?"

*Pagsasalin*: Ang inyong mga salita ay naging marahas laban sa akin, sabi ng Panginoon. Gayunma'y inyong sinasabi, 'Paano kami nagsalita nang laban sa iyo?

**Panimula**:

1. Ang nasa isip at labi ng mga tao sa kapanahunan ni Malachi ay ganito: Walang silbi ang paglilingkod sa Dios.
2. Tinganan o Masdan ika nga na ang mga palalo ay mapalad. Yun mga gumagawa ng kasamaan ay umuunlad. Hinahamon, o tinutukso nga ang Dios perso sila parin ay nakakatakas.
3. Walang katarungan sa mundong ito kaya't sige, okay na tayong gumawa ng mali, at huwag nalang umasa sa Dios.
4. Ito na ang panghuling dialogue nila kay Jehovah. Paano mo kami inibig? Paano namin inilalapastanangan ang iyong Pangalan? Kailan namin nilapastangan ang kasunduan ng nga aming mga ninuno? Saan ba kami na dapat na manumbalik? Paano namin Kayo ninanakawan? At ito ngayon ang huling tanong: Paano kami Nagsalita ng Laban sa Iyo?
5. Masmabuti sa maraming mga nagsasabing sila ay Christiano na huwag nalang dumalo sa simbahan sapagkat ang puso nila ay wala naman doon. Hindi naman sila pagpapalain ng Dios. Wala silang nakukuha sa salita ng Dios.

I. **Ang Problema nila ay Hindi ang Dios, Kundi ang Kanilang Sarili**:

A. Ang problema ng pagsasamaba na walang kabuluhan.
B. Ang problema ng pagsasamaba ng walang katotohanan.
C. Ito ang hitsura ng modernong mga simbahan. Pakitang tao lamang. Pansamantalang kaligayahan pero walang kabanalan.
D. Sa iglesia o simbahan wala nang pinaka dakila pa maliban kay Jesu-Cristo. Wala na tayong iba pang mensahe kung hindi Si Cristo – at siya na ipinako sa crus.

II. **Ang Tunay at Buhay na Pagsasamba sa Dios**:

A. Ang tapat na pagsamaba sa Dios ay na sa buhay ng sumasamaba.
B. Jn. 4:24 – spirit and truth. Ito ang contents ng tunay na pagsamaba.
C. Kumusta ang iyong espiritu? Lk. 9:55 – pangloob na gawi; likas na hilig; kagustuhan ng puso.
D. Ps. 51:6 – katotohanan sa puso. Kumusata ang kondisyon ng iyong puso?

**Katapusan**:

1. Tila ang mga sumasamba ng mali ay walang masamang mga nagyayari. Tila ang mga palalo ay mapalad. Linalapastanagan nila ang Dios pero wala naming mga nangyayari.
2. Kumbensibo ako, na gaya ng mga propeta ng Lumang Tipan, kung makita lang natin ang parating na hatol ng Dios sa mundong ito, tiyak ni sisigaw at iiyak tayo para lamanag sa awa ng Dios sa mga walang takot sa Dios.
3. Ang pasensya ng Dios ay sadiyang mabagal, pero kapag bumagsak ang Kanyang kamay ng paghahatol ito ay marahas at walang makakapigil nito.